# THE WARNING

***Handa ka na ba?***
***Ito na marahil ang iyong Huling Babala***

**Mga Hebreo 11:7** *"Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya."* Ang Diyos ay nagbigay ng babala kay Noe patungkol sa mapanirang baha na darating at lilipol sa mundo.

***Ang mga araw bago ang pagbabalik ni Hesus ay katulad ng kapanahunan ni Noe.***

**Mateo 24: 37-39** *"At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong. At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao."*

*Napakalinaw na hindi nalalaman ng mga tao ang panahon na pagdating ng baha. Subalit, alam ni Noe dahil pumasok siya sa daong. Tinanggap niya ang sinabi ng Diyos na babala.*

*Maliwanag na ang huling kapanahunan ay katulad ng sa panahon din Noe. Sinabi ni Hesus, mayroong mga babala na ipapahayag sa Kanyang pagbabalik (Mateo 24:6-8). Binabasa mo na ngayon ang bigay ng Diyos na babala upang ikaw ay maghanda sa Kanyang siguradong pagbabalik.*

***Kailangan mong ganapin***
*ang apat na hakbang ng kaparaanan ng kaligtasan upang makasama sa pagbabalik ni Hesus:*
***Unang hakbang:*** *Manampalataya kay Hesu-Kristo na Panginoong Diyos.*
***Pangalawang hakbang:*** *Magsisi sa lahat ng iyong kasalanan.*
***Pangatlong hakbang:*** *Magpabautismo sa pangalan ni Hesus para sa ikapagpapatawad ng iyong kasalanan.*
***Pang-apat na hakbang:*** *Tanggapin ang kaloob ng Banal na Espirito na may patunay na pagsasalita ng ibat-ibang wika.*

Nagbigay ang Diyos ng siguradong plano ng kaligtasan sa **Gawa 2:38** *"Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo."* **Wala nang ibang plano ng kaligtasan** *na ibinigay sa ating kapanahunan.*

***Mayroon ka ng pananagutan ngayon sa babala ng Diyos.***
*Sundin si Hesus ngayon bago mahuli ang lahat! Sumangguni at humingi ng karagdagang kaalaman patungkol sa paksang ito sa simbahang nakasaad sa ibaba. Dumalo at tutulungan ka ng pastor sa pagsunod sa hakbang ng kaligtasan.*